



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

ANG PAGMAMAHAL SA PROPETA NG ALLAH

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Awwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Unang una, sana'y ang buwan ng Mawlid ngayon, ang buwan ng Rabiul Awwal ay maging malaking biyaya sa atin In Sha Allah. Sana ito ay mapuno ng biyaya In Sha Allah. Ang mga taong di naniniwala sa Allah ay nag-iisip sa kung ano ang gagawin pagkalipas ng isang daang taon. Sila ang nagbibigay ng ideya na gagawin natin to, gagawin natin yan at tayo ang mamumuno sa mundo.

Sila ay nagtrabaho ng isang daang taon, minsan mas matagal pa. Sila ay nagtrabaho ng walang tigil para sa isang walang saysay na bagay. Sila ay nagtrabaho ayon sa kanilang makasariling kagustuhan. Sila ay nagtrabaho sa Shaytan. Ngunit sa oras na may isang magandang bagay na maaring gawin, isang daang shaytan ang titigil sayo.

Ating naipaliwanag sa ilang araw na ang Banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam ay nagsabi sa Hadith Sharif na "70 demonyo ang tumitigil sa taong nagbibigay ng sadaqa" Kahit isa itong maliit na sadaqa, ang shaytan ay nagsasabi "Ba't ka nagbibigay". Ngunit kung ika'y nagbibigay sa masamang daan ang Shaytan ay di ka pinipigilan. Ang Allah ay ginagawa ang kaniyang ninanais sa mga ating nagawa.

Sabi nila, "Anta turidu, ana uridu, wallahu yaf'alu ma yurid." Ibig sabihin, "Gusto mo, Gusto ko, at gagawin ng Allah ang kaniyang ninanais." Kaya iyong tignan ang nais ng Allah at hindi kung ano ang gusto mo. Sundan natin ang nais ng Allah. Sumali tayo sa mga taong kinasisiyahan ng Allah.

Ang Allah(awj) ay nagbigay ng pinakamalaking biyaya at binigyan tayo ng Islam. Kanya din tayong ginawa mula sa Ummah ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Tayo rin ay ang mga tao sa huling mga araw ng Mundo. Tanging ang Allah(awj) ang nakakaalam kung gaano katagal na lang ang araw ng paghukom.

1. Mubarak
2. Baraka
3. Khayr

Kahit sa oras ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam, sinasabi nila sa mga taong nagsasabing matagal pa ang araw ng Paghukom na "Humingi ka na ng kapatawaran at bumalik sa Allah". Sinasabi ng Allah na malapit na ito at di malayo pa.



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

اَقْتَرَبَتِ السَّاعَةُ

“Iqtarabatis sa’ah.” (Sura Qamar:1) “Judgment is near.” Sabi nila marami pang oras bago ang araw ng Paghukom. Paanong marami pang oras? Sino ang mas nakakaalam, ikaw o Allah. Astagfirullah. Paminsan tayo ay padalos dalos sa pananalita, dapat natin itong layuan

Madaming hadith, ngunit ito ang salita ng Allah. Sinabi ng Allah sa Qur’an na papalapit na ang araw ng Paghukom. Tayo ang mga tao sa mga huling araw ng Mundo. Kay daming paghihirap at problema ang dumarating sa oras na ito. Ang mga taong nagpapakita ng Sabr ay makakakuha ng malaking biyaya. Tunay na Ang Allah ang mas nakakaalam.

May mga biyaya mula 1 hanggang 10, mula 10 hanggang 700. Mayroon ding higit 700. Walang makakatanong kung bakit sila binigyan ng Allah ng ganoon. Ang mga mabubuting gawain ay di mahirap, si Shaytan lang ang nagpapakita na mahirap iyon.

Ang pinakaimportanteng bagay ay respeto sa Propeta Muhammad alayhis salatu was salam at pagmamahal sa kanya. Ang iba ay madali na pag mahal mo siya. Kahit ang mga nagmamahal sa mundo ay di nakakatulog sa gabi sa pag-iisip tungkol sa mundo.

At ang taong may tunay na pagmamahal sa Propeta Muhammad alayhis salatu was salam ay nag-iisip. Pano magiging masaya ang Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Pano ako mapapamahal sa kanya. Lahat ng bagay ay magiging madali para sa kanya.

Sa oras na iyo, di na siya nakikinig sa Shaytan at sa kanyang pagkamakasariili. Mahal ng Propeta Muhammad alayhis salatu was alam ang gumagawa nito. Ang mga bagay na ginagawa mula sa pag-ibig na ito ay nagiging maganda. Ang pagtuturo ng pag-ibig ay isang tungkulin ng isang tao sa tariqa. Ikaw ay mahuhulog sa pagmamahal sa Allah at Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Walang kagandahan pag ito ay ginawa ng di dahil sa pag-ibig.

Ang mga bagay na di ginagawa ng di kasama ang pag-ibig ay walang lasa. Ano ang mas maganda, ang taong tinutulungan ka, nginingitian at binibigyan pagkain ng may respeto o isang tao na tinutulungan ka pero sa isang pagalit na paraan?

Ayan, iyan ay katulad ng pagsasamba. Ang pagsasamba na ginagawa sa loob ng pagmamahal sa Allah, propeta Muhammad alayhis salatu was salam ay kakaiba. Ang isang Ibadah na ginagawa dahil lamang ito’y isang utos ay walang lasa. Ang mga taong nagsasabi na ang sunnah ay di na kailangan basta’t nagawa ang fard ay walang matitkmang kaligayahan sa pagsasamba.



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Pasalamatan mo ang Allah, ang buwan na ito ay buwan propeta Muhammad alayhis salatu was Salam. Kailangan mo siyang respetuhin at bigyan ng kahalagahan. Pero ngayon, maraming nag-aaral konti pagkatapos ay nagsasabi na ito ay bid'ah, ang mga taong iyon ay di makakatikim ng kaligayahan sa pagsasamba sa Allah.

Pag di binigay ng Allah, sila ay nagkakaroon ng pakiramdam ng pagkagusto na sana sila ang mayroong ganun. Kanilang sinasabi kung ano ang ginagawa nila na di ko ginagawa. Kapag di mo ginawa ang isang bagay para lamang sa biyaya, kung hindi para sa pagmamahal sa propeta Muhammad alayhis salatu was salam at Allah, matitikman mo ang kaligayahan ng pagsasamba.

Silang mga taong nagsasabi ng bid'ah ay nagbibigay balita sa isa't isa, nagsusulat, at nililinlang ang mga tao sa masamang landas. Subalit sa ating tariqa ang mga Shaykh ay ganito ang tinuturo ang magsamba sa Allah dahil sa pagmamahal, kahit ang ilang mga awliya ay nagsusulat ng mga tula para sa Propeta Muhammad Alayhis salatu was Salam.

Sa katunayan, alam natin na binigay ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam ang kanyang Cloak sa taong sumulat ng Qasida Burda. Ang Burda ay nangangahulugang cloak. Sumulat ang taong to ng magandang tula kaya binigyan siya ng regalo ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam.

4. Obligatory 5. Religious innovation

Ang tulang iyon ay babasahin hanggang sa araw ng paghukom Tungkol iyon sa kagandahan at pagbibigay puri sa Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Binibigyan ng Allah ang Propeta Muhammad alayhis salatu was salam ng kagalang galang na paningin sa lahat. Binibigyan ng Allah ng Salawat at Salam ang taong nagbibigay puri sa Propeta Muhammad alayhis salatu was salam.

Ito ay magagandang bagay. Nagdadagdag ito ng pagmamahal. Hindi siya mahirap at ikaw ay makakakuha ng biyaya kahit ika'y nakaupo. Gawin mo ito at makakakuha ka ng maraming biyaya, wag kang makinig sa Shaytan.

Wag kang magplano para sa isang daang taon o isang libong taon. Gawin mo ang sinasabi ng Allah Ito ang mahalaga. Pinakita na sayo ng Allah ang daan. Ang kagugustuhan ng Allah ang mangyayari. Ang mga nasa ibang landas ay malulugi. Kanina si Hadrat Imam Effendi ay nagbasa ng magandang linya sa Magrib. Ito'y nagsasabi ng parehas na bagay. Wag kang malungkod, ang nais ng Allah ang Tanging Mangyayari.

Ito na ang mga huling Araw, ang kagustuhan ng Allah ang mangyayari. Maraming kaguluhan ang mangyayari. Pinapahirapan na ang mga tao at hinahati ang mundo. Di nila alam na papalapit na ang araw ng paghuhukom. Kahit na di pa malapit ang araw ng



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

paghukom ay di naman sila mabubuhay habang buhay.

Nagawa na ng Allah ang kanyang plano. Sinabi na ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam ang mangyayari noong 1400 taon bago ngayon. Papalapit na ang araw ng pahukom. Pinapakita na ang mga senyales nito. In Sha Allah paparating na ang Imam Mahdi alayhis salam at itatayo na ang watawat ng Islam. May mga taong sumasali sa digmaan at sinasabing ang kanilang pinuno ang khalifa at ang Mahdi. Ang katotohanan nito ay nasa maling landas sila at ang Imam Mahdi alayhis salam ay lalabas kasama ang maraming karamat.

6. Fitna

7. Karamat

Ang Teknolohiya ng panahon na iyo ay kakaiba kaysa ngayon. Walang makakaligtas na masamang loob sa oras na iyon. Mapupunta sila sa Impiyerno sa kasamaang ginawa nila. Narinig natin kay Shaykh Nazim(qs) na igagalaw lang ng Mahdi ang kanyang espada at ang ulo ng mga makasariling pinuno ay mapuputol. Kayraming himala ang magaganap.

Nuh Alayhis Salam said:

لَا تَذَرْ عَلَى الْأَرْضِ مِنَ الْكَافِرِينَ دَيَّارًا

“Rabbi la tathar ‘alal ardi minal kafirina dayyara.” (Sura Nuh:26) “Do not even leave one from the infidels,” sabi ni Nuh Alayhis Salam. Hindi pa oras pero ngayon dumating na ang oras. Pag dumating na ang Imam Mahdi alayhis salam, malilinis na ang lahat. Ngayon minamaliit nila ang mga muslim, sabi nila terorista ang mga muslim, pero sa oras na iyon walang matitira na hindi muslim.

Ito ang magandang balita ni Shaykh Nazim(qs). Sinabi niya ito matagal na at ito ay mangyayari isa-isa. Ang pupunta sa tamang landas ay maliligtas at ang mga hindi ay malulugi.

Ang kapanganakan ng Propeta Muhammad alayhis salatu was Salam ay 12 Rabiul Awwal na darating sa ika-22 ng Disyembre. Sabi nila ang Isa ay pinanganak noong Disyembre 24 pero ito ay di maari sapagkat “Winter” ang panahon. Ginawa nila ito para magkapera. Ginawa nilang pangmundo ang kanilang relihiyon. Di nila pinahalagahan ang dugo ng tao at ari-arian. Pera lang ang kanilang nais. May pagmamahal at respeto sa islam. Ang ibang relihiyon ay di ganito. Ang muslim na di nagpapakita ng pagmamahal at respeto ay tumiwalag sa tamang landas. Akala nila sila ay nasa tamang landas.

Kailangan nila sumama sa daan ng Allah na pinakita ng Propeta Muhammad alayhis



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

salatu was salam. Ang mga taong di nagbibigay respeto sa Propeta Muhammad alayhis salatu was alam ay mga kaaway ng Islam. Sapagkat pag walang respeto sa Propeta Muhammad Alayhis salatu was salam, sila ay nawala sa tamang landas. Ating tignan kung ano ang mangyayari. Sabi ni Shaykh Nazim(qs): Manatili ka kung saan ka kung sakaling may nangyari, sapat na ang pagkain na pangdalawang buwan. Ligtas ka na In Sha Allah. Pasalamatang mo ang Allah sa magandang balita.

Inshallah maabutan natin ang Imam Mahdi alayhis salatu was salam. Sabi ni Shaykh Nazim(qs) at ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam, ang paghihintay araw at gabi ay ating tungkulin. Ito ay Ibadah dahil sa paniniwala at Iman. Inshallah siya ay dumating na para di na tayo maghirap.

Wa Minallah at-Tawfeeq.

Al-Fatiha.

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
12 December 2015/1 Rabiul Awwal 1437
Ayyub Sultan Dargah